

Gap Inc.

Kodigo ng Pag-asal para sa Vendor

Ang Kodigo ng Pag-asal para sa Vendor na ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga pasilidad nagumagawa ng mga produkto para sa Gap Inc. o sa alinman sa mga subsidyaryo, dibisyon, o kasosyo nito.

Bagama't kinikilala ng Gap Inc. na naiiba ang mga batas at kultura ng kapaligiran kung saan pinatatakbo ang mga pasilidad sa buong mundo, itinatakda ng Kodigo na ito ang mga pangunahing pamantayan na dapat tugunan ng bawat pasilidad upang makipagnegosyo sa Gap Inc. Nakabatay ang Kodigo na Ito sa mga pamantayan sa paggawa na tanggap sa iba't ibang bansa, kabilang na dito ang mga pangunahing kombensyon ng International Labour Organization (ILO) at ng Universal Declaration of Human Rights. Ang Kodigo ang siyang pundasyon para sa patuloy na pagsusuri ng Gap Inc. sa mga kalagayan sa mga gawain sa empleo at pagsunod nito sa mga batas pang-kapaligiran ng pasilidad.

I. Pagsunod sa mga Batas

Ang mga pasilidad na gumagawa ng mga produkto para sa Gap Inc. ay dapat patakbuhan nang may ganap na pagsunod sa mga batas ng kani-kanilang mga bansa at sa lahat ng iba pang mga naaangkop na batas, patakaran at regulasyon. Bilang kundisyon sa pakikipagnegosyo sa Gap Inc., ang bawat pasilidad ay dapat sumunod sa Kodigo ng Pag-asal ng Vendor na ito. Patuloy na magtataguyod ang Gap Inc. ng mga pamamaraan sa pagsubaybay upang siyasatin at tiyakin ang pagsunod dito. Kailanman na may kaibahan sa mga kautusan batay sa lokal na batas at sa kautusan sa COVC ng Gap Inc., dapat na iiral ang mas mahigpit na kautusan. Ang Vendor at mga kasapi ng Vendor ay dapat gagamit lamang sa mga aprubadong pasilidad ng Gap Inc. para sa produksiyon. Dapat makuha ng mga vendor ang naunang nakasulat na pahintulot mula sa Gap Inc. upang gamitin ang mga pasilidad na ito bago magsimula ang produksiyon.

II. Kapaligiran

Ang mga pasilidad ay dapat na sumunod sa lahat ng mga nararapat na batas at regulasyon na pang-kapaligiran. Kailangang pangasiwaan ng mga pasilidad ang kanilang epekto sa kapaligiran, kabilang ang enerhiya at mga pagbuga ng greenhouse gas (GHG), polusyon sa hangin (mga pagbuga sa hangin), pagkonsumo ng tubig, kalidad ng tubig, tapon na tubig, dibersiyon ng tubig at pagtapon, at paggamit at pangangasiwa ng kemikal.

III. Paggawa

A. Pagpapatrabaho ng Bata

Ang mga pasilidad ay magpapatrabaho lamang ng mga manggagawa ayon sa nararapat na pinakamababang takdang edad sa paggawa alinsunod sa umiiral na batas o hindi bababa sa 15 taong gulang, o alinman ang mas mataas. Ang mga pasilidad ay dapat din sumunod sa lahat ng iba pang mga nararapat na batas sa pagpapatrabaho ng bata. Hinihikayat ang mga pasilidad na bumuo ng mga programang aprentis (workplace apprenticeship program) na naaayon sa umiiral na batas para sa benepisyong pang-edukasyon ng mga manggagawa, sa kundisyong ang lahat ng mga kalahok ay hindi bababa sa 15 taong gulang alinsunod sa pamantayan ng Gap Inc. sa pinakamababang edad na 15 at sa itinatakda ng batas na pinakamababang edad sa pagpapatrabaho.

B. Kontratang Paggawa ng Dayuhan

Ang mga pasilidad na tumatanggap ng mga nakakontratang dayuhang manggagawa (foreign contract workers o FCW) ay dapat tiyakin na ang mga manggagawa na ito ay tratuhin nang maayos at nang kapantay ng mga lokal na manggagawa nito. Ang mga emigranteng manggagawa ay hindi dapat sasailalim sa anumang uri ng sapilitang paggawa, kompulsoryo, pagtatrabahong paniyak ng utang (bonded), o pagtrabaho ng nakatakdang na panahon bilang bayad-pamasaha (indentured labor). Kailangang kusa ang lahat ng trabaho at kailangang malaya ang mga manggagawa na tapusin ang kanilang pangengempleado anumang oras, nang walang parusa. Ang mga emigranteng manggagawa (o ang mga kasapi ng kanilang pamilya) ay hindi dapat takutin na isumbong sa awtoridad upang pilitin ang mga ito sa pagtatrabaho o pigilan sila mula sa kusang pagwawakas ng kanilang pangengempleado, anumang oras, nang walang parusa.

C. Diskriminasyon

Dapat tumanggap ang mga pasilidad ng mga manggagawa batay sa kanilang kakayahan na gawin ang trabaho at hindi batay sa kanilang pagkatao o mga paniniwala.

D. Sapilitang Pagtrabaho

Hindi dapat gagamit ang mga pasilidad ng hindi kusang paggawa sa anumang uri, kabilang ang pagtatrabaho sa kulungan, garantiya sa utang, pagtatrabaho ng alipin o sapilitang pagpapatrabaho ng mga pamahalaan.

E. Kalayaan sa Pagsapi (Freedom of Association)

Ang mga manggagawa ay malayang sumapi sa mga samahang pinili nila. Ang mga pasilidad ay hindi dapat makialam sa mga manggagawang nais sumapi, bumuo, o kolektibong magkasundo (collectively bargain) sa paraang mapayapa at naaayon sa umiiral na batas. Ang mga manggagawa lamang ang dapat magpasya kung isagawa ang mga ito o hindi.

F. Makataong Pagtrato

Dapat tratuhin ng mga pasilidad ang lahat ng mga manggagawa nang may paggalang at dignidad. Ang mga pasilidad ay hindi dapat gumamit ng parusang pisikal o pamimilit sa anumang anyo, pisikal man o sikolohikal.

G. Mga Kabayaran at Benepisyong at mga Kondisyon sa Pangengempleado

Dapat bayaran ng mga pasilidad ang wastong sahod at mga karagdagang bayad para sa overtime alinsunod sa umiiral na mga batas. Ang mga manggagawa ay dapat mabayaran na hindi bababa sa itinatakda ng batas o isang sahod na sumusunod sa mga pamantayan ng lokal na industriya, o alinman ang mas mataas. Hinihikayat ang mga pasilidad na magbigay ng mga sahod at benepisyong na sapat upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga manggagawa at kitang nalalabi pagkatapos na kaltasan para sa buwis, ipinag-uutos na kaltas o gastusing kinakailangan.

H. Mga Oras ng Pagtrabaho

Ang mga pasilidad ay magtatakda ng mga oras ng pagtrabaho alinsunod sa mga umiiral na batas. Bagama't kinikilala na ang overtime ay madalas na kinakailangan sa paggawa ng mga damit, dapat patakbuhan ang mga pasilidad sa paraang naglilimita sa overtime upang tiyakin na makatao at produktibo ang kalagayan sa pagtrabaho.

IV. Mga Kalagayan sa Pagtrabaho

A. Kalusugan at Kaligtasan sa Pagtatrabaho

Dapat sumunod ang mga pasilidad sa lahat ng mga naaangkop na batas at regulasyon hinggil sa mga kalagayan sa pagtrabaho at dapat magbigay sa mga manggagawa ng isang ligtas at malusog na kapaligiran.

B. Dormitoryo (kung naaangkop)

Ang mga pasilidad na nagbibigay ng pahayag para sa mga manggagawa ay dapat panatilihin malinis at ligtas ang mga pasilidad na ito.

V. Mga Sistema ng Pangasiwaan

Ang mga pasilidad ay dapat na magtakda ng mga sistema ng pangasiwaan gamit ang naaangkop na mga kontrol sa pagpapatrabaho upang matiyak ang pagpapatupad sa mga naaangkop na batas, regulasyon, at sa COVC. Ang mga sistema ng pangasiwaan ay dapat tutukoy at kokontrol sa mga potensyal na isyu, at padaliin ang patuloy na pagpapahusay.



BANANA REPUBLIC



ATHLETA